

Ang mga munting magsasaka sa Rota, Tinian, Saipan at sa buong Marianas ay mahalaga sa ekonomiya at kalusugan ng ating sambayanan. Nagtatanim sila ng mga gulay at prutas tulad ng balinghoy, luya, kamote, gabi, ube, sili, talong, okra at kamatis at gumagawa din sila ng masasarap na karne mula sa baka, baboy, manok at iba pang mga hayop. Ang mga magsasaka na ito ay nagdadala ng ipinagmamalaking tradisyon ng pagpapakain sa sambayanan at sa pangangalaga sa ating lupain.

Ang direksyon ng ating mga magsasaka ay ang proteksyon sa kalidad ng tubig. Maaring parumihin ng pagguho at pag-agos ng tubig na may dalang dumi ang ating mga sapa at ang baybayin ng karagatan ng mga nakakapinsalang bakterya at putik. Ang latak at tubig na nag mula sa ulan o irigasyon na umaagos mula sa sakahan o bukid na may dalang dumi at sustansya ay na naaksaya na mahalagang magamit sana para sa mga hardin at taniman. Ang pagkontrol ng maduming tubig na ito ay hindi mahirap – kailangan lamang nito ng kaunting atensyon sa pamamahala ng iyong lupain.





United States Environmental Protection Agency

Division of Environmental Quality CNMI

## *Pigilan Natin ang Pagdaloy ng Maduming Tubig na galing sa Ulan o Irigasyon!*

Ang dumi mula sa hayop, latak mula sa pagguho, at maduming tubig mula sa fertilizer, sa pestisidyo, sa sistema ng pag kolekta ng dumi, at sa basura mula agsaman ay napupunta sa ating mga sapa at dalampasigan. Sundin ang mga hakbang sa gabay na ito – at sa mga website na nakatala sa ibaba – upang matiyak na palaging malinis ang daloy ng tubig ulan. Sama-sama tayong magtutulungan upang mapangalagaan ang kalusugan ng ating lupain at katubigan sa pamamagitan ng mga simple at epektibong mga gawi na nagpoprotekta sa ating kapaligiran at isinusulong ang ating lokal na agrikultura.

### Mapagkukunan ng Impormasyon

https://becq.gov.mp/livestock-BMPs

https://www.deq.gov.mp/water-quality-surveillance-non-point-source.html

https://www.deq.gov.mp/assets/ww-forms/deq_earthmoving_and_wastewater.pdf

https://www.deq.gov.mp/wastewater-earthmoving-erosion-control.html

https://www.deq.gov.mp/assets/ww-forms/cnmi_esc_field_guide_lowres.pdf

https://www.nrcs.usda.gov/state-offices/pacific-islands-area/saipan-service-center

Kung kailangan mo ng tulong upang mapatupad ang mga paraan na ito, tumawag lamang sa Division of Environmental Quality sa numerong (670) 664-8500.

EPA 841-F-25-001

# Ang Mga Magsasaka ng Mariana

## *Pagpapakain sa Sambayanan, Pagpapanatili ng Ating Katubigan na Malinis*



**Narito Kung Paano Nila Ito Ginagawa!**

# Nagsisimula sayo ang pangangalaga sa ating lupain, pagpapakain sa sambayanan, at ang pag gabay para manatiling malinis ang ating katubigan!

Para maprotektahan ang ating karagatan, mga sapa, latian, at tubig pang inom mula sa dumadaloy na tubig galing sa ulan na meron dalang putik at dumi, narito ang mga madaling hakbang na dapat sundin:

1. Gumamit ng mga bato, troso, balat ng niyog, kumot na ginagamit kontra sa pagguho, o pinagputulan ng mga halaman upang mapigilan ang pagguho. Ayaw natin madagdagan pa ang dami ng lupa sa maputik na daloy ng tubig mula sa ulan o irigasyon.
2. Ilagay ang mga hayop at kulungan nito nang hindi bababa sa 30 hanggang 60 talampakan ang layo mula sa mga kanal, sapa, latian, at balon. Nakakatulong ito na salain ang maduming tubig na dumadaloy at ibabad ito sa lupa bago ito madala ng agos ng tubig paibaba.
3. Direktahin ang malinis na agos ng tubig palayo sa mga kulungan ng hayop at iba pang lugar na may dumi. Makakatulong ito mabawasan ang dami ng tubig na may dalang dumi.
4. Gumamit ng mga kanal at pang-sangga para magabayan ang pag agos ng tubig na may daling dumi na galing sa mga kulungan ng hayop palayo sa mga sapa. Ilayo ang bakterya at putik sa ating mga katubigan
5. lagay ang mga hayop sa ilalim ng bubong upang mabawasan ang pag-agos ng dumi kapag umuulan. Ito ay lubos na makakabawas at makakatulong sa pag kontrol sa pagdami ng dumadaloy na tubig na may dalang dumi.
6. Gabayan ang pag-agos ng tubig na maputik at may dalang dumi sa mga lugar na may makapal na damo at iba pang halaman. Ang pagtulak ng daloy ng tubig na maputik at may dalang dumi sa mga madamong lugar ay nakakatulong upang salain ito at ibabad sa lupa.
7. Gumamit ng pataba mula sa dumi para pertilisahin ang mga taniman ng gulay at ang mga puno ng prutas. Ang pataba mula sa dumi ay may mahalagang sustansya na tumutulong sa paglaki ng mga halaman (ang algae ay kabilang dito, kaya natin iniiwasan magsalin ito sa katubigan.
8. Siguraduhin na ang mga basura at mga kalat ay wala sa lupaan at sa ating mga sapa. Ang malinis at walang basurang kapaligiran sa ating lupain at katubigan ay karapat dapat sa ating mga pamilya at at mga mamayan sa isla.

